# Pagbasa sa Learning from the Filipino Diaspora: Lessons of Resistance and Critical Intervention ni E. San Juan Jr.

**Mary Joy Sawa-an**
PUP-Manila
mjsawaan@pup.edu.ph

---

Kritikal na tinalakay sa koleksyon ng mga sanaysay mula sa akdang Learning from the Filipino Diaspora: Lessons of Resistance and Critical Intervention ni E. San Juan Jr. na ipakilala ang pag-aaral ng panitikan sa pamamagitan ng lente na historical-materialist mula sa penomena ng diasporang Pilipino. Sa ganitong lagay, nagkaroon ng reoryentasyon sa sensibilidad ng bawat Pilipino ukol sa indibiduwal na gampanin ng mga ito sa lipunan na may pangangailangang muling mabalikan ang historikal na pagsasalokasyon bilang miyembro ng estado at lipunang Pilipino. Mahalagang kontribusyon ang puna ng may akda sapagkat mapagmulat ito sa sitwasyon mula noon hanggang sa kasalukuyan ng mga manggagawang Pilipino na nangingibang bayan upang magkaroon ng pantustos sa kani-kanilang pamilya ngunit walang katiyakan at seguridad ang buhay laban sa eksploytasyon at pang-aabusong inaani sa ibang bansa. Bilang malaking bahagdan ng populasyon ng mga Pilipino ang lumilipad sa iba't ibang dako ng mundo upang manilbihan, tahasang tinalakay ng akda ang gampanin ng mga ito bilang 'milking cows' ng pamahalaan dahil sa kapalit na remittance na bumubuhay sa ekonomiya ng bansa at bilang kapalit na mabansagang mga 'bagong bayani' kahit pa kabi-kabila ang balita ng pang-aabuso, panggagahasa at pagpatay sa kanilang hanay.

Si E. San Juan Jr. ay kritiko, iskolar at progresibo lalo na sa usapin ng ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos sa panahon ng neoliberalismo at globalisasyon maging sa usapin ng panitikang Filipino-Amerikano. Ilan pa sa kanyang akda na tumatalakay sa usaping ito ay ang *In the Wake of Terror: Class, Race, Nation and Ethnicity in the Postmodern World, U.S. Imperialism and Revolution in the Philippines* at *From Exile to Diaspora: Versions of the Filipino Experience in the United States*. Siya ay naging Research Fellow sa University of Texas, Austin at W.E.B. Du Bois Institute ng Harvard University. Naisalin din ang ilan sa kanyang mga akda sa wikang Kastila, Pranses, Mandarin, Aleman, Hapon, Latin, Ruso at Filipino.

Nahahati sa pitong kabanata ang akda. Tinalakay sa unang kabanata na *Imperialism and Filipino Diaspora* ang pag-uugat sa imperyalismo ng mga mananakop ng bansa tulad ng Estados Unidos sa Pilipinas na nagresulta sa kalagayan at sistema ng pamumuhunan ng pamahalaan sa pagpapadala ng mga manggagawang Pilipino sa iba't ibang bansa mula noon hanggang sa kasalukuyan. Inihain sa loob ng pitumpung taon ng Estados Unidos ang pagsasakonkreto sa legal at politikal na batayan upang matransporma ang Pilipinas bilang *exporting economy* na may semi-pyudal at burukrata-komprador na sistema ng pag-aari ng lupa. Mula rito, inilatag ang mga neoliberal na polisiya, dahilan ng pagkakaroon ng uri o *class* sa lipunan at dependensiya sa usaping politikal, ekonomikal at militar ng bansa sa Estados Unidos. Binigyang-linaw rin ang kontribusyon ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) partikular ang ipinapadalang remittance bilang malaking bahagdan ang nailalaan na pambayad sa utang ng bansa, isa rin ang pagpapasiklab sa konsumerismo ng bawat pamilya, at perang nilulustay ng mga nasa hanay ng elit at korap na opisyal ng pamahalaan at bilang kapalit nga nito ay ang pagbabansag bilang mga 'bagong bayani' sa kabila ng dinaranas na rasismo, diskriminasyon, pang-aabuso, eksploytasyon at pagpatay. Natalakay rin ang pagkakaroon ng walang katapusang pagbubuo ng identidad ng diasporang Pilipino na malaking hamon sa isang 'third world' na bansa dahil na rin sa mga neokolonyal na dilemma ng bansa. Bagamat, nakikitang nasusustina ang pagkakakilanlan, pamumuhay at ekonomikal na ugnayan ng mga OFW sa kanilang pinagmulang bansa, nakalilikha ito ng nosyon ng transnasyonal na ugnayan kung saan mababanaag ang dibersidad ng identidad ng mga migrante. Ngunit para sa may akda, natutuon sa personal na naratibo at popular na kultura ang mga nalilikhang komunidad ng diaspora mula sa pagbubuo ng identidad sa halip na nakatuon sa istruktura ng lipunang lumilikha sa kasalukuyan nitong kondisyon dahil sa ekonomikal at politikal na impluwensiya. Kaya naman, hindi kumakawala ang diasporang Pilipino mula sa dikta ng mga aparato ng estado at ng globalisadong panuntunan na makikita sa pagkakahon sa usapin ng pagka-Pilipino sa rehiyon, lokalisasyon, wika at mga tradisyon.

Nakatuon naman ang ikalawang kabanata na *Cultural Studies and the Neocolonial Predicament* sa pagtatalakay sa pag-usbong ng Cultural Studies (CS) mula sa Estados Unidos na naglilihis sa kahingian ng kritikal na diskusyon ukol sa mga suliraning panlipunan tulad ng patuloy na pagpapahirap sa daang milyong mga Pilipino, pagtapak sa karapatang pantao, hindi pantay na pagtingin sa mga katutubo at kababaihan, pagkasira ng kalikasan at patuloy na pagpapadala ng murang paggawa sa global na merkado. Bagamat, kung babalikan ang simulain ng CS, binigyang-kahulugan ito mula kay Macey (2000) na pagtingin sa kompleksidad ng pagbabago sa lipunan mula sa punto de bista ng kultura sa

kung paano ito iniuugnay sa uri ng pamumuhay, relasyon ng mga uri, sa politika at mga institusyon nito at maging sa halagahan ng pagkatao. Kaya naman, maaaring hanguin ang ganitong lente ng CS sa sitwasyon ng Pilipinas na may layunin na sumailalim ang bansa sa dekolonisasyon at makuha ang pambansang liberalisasyon. Kinakailangang lumubog ang usapin ng kultura hindi lamang sa limitadong diskusyon ukol sa gamit at pagpapahalaga ng wika bilang pantukoy ng identidad ngunit may pangangailangan na tumagos ito sa problema sa kahirapan, kawalang hustisya sa hanay ng mga mahihirap at kali-kaliwang pagpatay sa ordinaryong tao na walang nananagot.

Ang ikatlong kabanata na *Signs of Barbarism in the Postcolonial Empire* ay tumatalakay sa pangangailangan ng pagmamapa sa historikal na impluwensya ng mga mananakop at ang kasalukuyang katayuan ng pagtingin at kamalayan sa pagbubuo bilang isang nasyon ng Pilipinas upang maiwasto ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon. Nakikitang sago tang globalisasyon sa pangangailangan na makasunod ang bawat bansa sa inihahaing internasyonalisasyon na sumasagka sa limitasyon ng bawat bansa na higit apektado ang mga nasa hanay ng papaunlad pa lamang na bansa o third world country. Ibinabandera ang layunin nito na magkaroon ng pantay na kapangyarihan upang maabot ang tunguhin ng sabay-sabay na pag-unlad ngunit higit na natatransporma ang pagkakaroon ng eksploytasyon at pang-aabuso. Kaya naman, ang pagbubuo sa nasyonalismo ng bawat bansa ang nakikitang sagot upang hubugin ang ekonomikal, politikal at ideolohikal na pamantayan sa pagsunod sa tinatawag na ‘New World Order’. Penomena itong maituturing na kahit ang mga mauunlad na bansa tulad ng Estados Unidos, Japan, Russia at iba pang bansa ay ibinabandera ang pagpapaunlad sa kamalayan ng pagbubuo ng nasyon bilang mekanismo ng pagpapaunlad ng kani-kanilang bansa. Ngunit sa kaso ng Pilipinas, problematiko ang pagbubuo nito sapagkat sinasagkaan ito ng pamantayang ipinipilit ng mga Amerikanong mananakop dahil sa layuning maipagpatuloy ang tinatawag na ‘U.S. Manifest Destiny’ na ipataw ang kanilang superyoridad. Ipinasok sa isipan at kamalayan ng mga Pilipino ang pagiging mababa, kakaiba, hindi sibilisado at walang kakayahang mamahala ng sariling pamahalaan para isakatuparan ang layunin ng pasipikasyon na nagresulta sa neokolonyal na pamantayan ng lipunang Pilipino sa usapin ng kultura at sining. Ginamit ang kapangyarihan ng wikang Ingles upang pigilan ang pag-aalab ng rebolusyonaryong mekanismo sa paglaban sa mga mananakop. Ang pagpapataw ng kapangyarihan ng Ingles naman ay nakita ni San Juan bilang kakaiba (unique) lalo na sa usapin ng paggamit nito sa pagsulat ng iba’t ibang anyo ng panitikan ng mga manunulat noong Pilipino. Ngunit may pangangailangan pa rin sa pagpapaigting ng layunin na ang pagbubuo ng isang nasyon ay hindi lamang pagpapakita ng kagandahan

ng isang bansa subalit nararapat na gambalain ang diwa at kamalayan ng mambabasa sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng katotohanang kinasasadlakan ng bansa. Binigyang diin din sa kabanatang ito na mahalaga ang pagpoposisyon sa panitikang Filipino sa pagsasanib nito sa usaping politikal, ekonomikal at mga puwersang ideolohikal sa paglaban sa kolonyal na dependensiya sa mananakop na dayuhan ngunit hindi nararapat na tingnan bilang malaking isyu ang wika sa usapin ng gamit ngunit higit na nakapokus ito sa intertekstuwalidad na pagtingin sa mga suliraning kinahaharap at kung paano ito maipauunawa sa mga mambabasang Pilipino. Sa ganitong lagay, ang pagbubuo ng nasyon ng mga Pilipino ay hindi naikakahon bilang pangarap o hanggang sa ngayon ay nasa hinagap lamang, nangangailangan ito ng konstruksyon mula sa mga sakripisyo ng milyong Pilipinong nasagka sa pang-aabuso bilang porma ng rebolusyon.

Binalikan sa ikaapat na kabanata ang buhay at kontribusyon ni Carlos Bulosan, isang radikal na manunulat na may akda ng kontrobersyal na *America is in the Heart* at 'expat' bilang isa sa mga manunulat na umusbong sa panahon ng pagbubuo ng diaspora na nakapagsulat ng mga akda batay sa historikal at kultural na konteksto ng mga itinuturing na migrante. Sinipat ni San Juan ang mga akda ni Bulosan sa pamamagitan ng rekontekstuwalisasyon, una, sa mga nabuong anti-kolonyal na mga kilusan mula noong rebolusyong 1896 hanggang sa digmaang Pilipino-Amerikano at maging ang mga nabuong popular na kilusan sa unang tatlong dekada ng pananakop ng Estados Unidos. Ikalawa, ang pag-usbong ng penomenang anti-kapitalista sa Estados Unidos noong panahon ng Great Depression hanggang Cold War. Makikita sa mga akda ni Bulosan ang pagkakaroon ng radikal na kamalayan ng mga Pilipino sa kalagayan ng diaspora mula sa hanay ng mga OFW na nakikitang resulta ng tuloy-tuloy na neokolonyal na pananakop sa bansa. Sa pagkamatay ni Bulosan, umusbong ang mga kritiko ng kanyang mga akda na nag-iinbalido sa kanyang layuning radikal kahit pa nga bang hayagan itong isinasangkot sa hanay ng mga progresibo at komunista dahil sa kanyang hangaring maihanay bilang isa sa mga Fil-Am na manunulat. Ngunit para kay San Juan, biktima ring maituturing si Bulosan dahil sa hegemoniyang itinatambuli ng 'white supremacy' ng Estados Unidos.

Nilalaman ng ikalimang kabanata na *A Testimony to the Emergence of a Neocolony* ang kontribusyon ni Benjamin Appel, isang Amerikanong nobelista na itinuturing na radikal at demokratikong manunulat noong panahon ng pamamalagi ng mga Amerikano at Hapon sa Pilipinas. Tampok sa kanyang mga naisulat na akda ang anti-kolonyal na paglaban ng mga bansang sinakop ng Estados Unidos sa Asya at isa ang Pilipinas sa mga naging sentro ng kanyang mga akda tulad na lamang sa nobelang *Plunder* na tumalakay sa

korapsyong kinasangkutan ng mga Amerikanong sundalo sa pakikipagsabwatan sa ilang mga Pilipino, Tsino at iba pang grupo at ang *Fortress in the Rice* na tumatalakay naman sa rebelyon ng Hukbalahap na siya ring binigyang pokus ni San Juan sa kabanatang ito. Saksi ang mga akda ni Appel kasama ng ilan pang manunulat tulad nina Howard Zinn, Stewart Creighton Miller at Gabriel Kolko sa pagtransporma sa Pilipinas bilang isang teritoryo tungo sa pagiging neokolonyal na bansa sa pamamagitan ng mga polisiyang ipinataw ng Estados Unidos tulad ng Bell Trade Act at Millitary Bases Agreement 1947. Malaki ang kinalaman ng pagmamay-ari ng lupa bilang teritoryo sa pag-usbong ng mga rebelyon laban sa mga mananakop na isa sa mga ipinaglaban ng Hukbalahap. Nakita ni Appel ang usaping panlupa ang isa sa mga sentro ng layunin ng pag-aalsa ng mga Pilipino sapagkat patuloy ang pamamayagpag ng hanay ng mga oligarko at panginoong may-lupa. Kaya naman, ang panawagan sa pagkakaroon ng reporma sa lupa ang isa sa matinding binabaka mula noon hanggang ngayon sa usapin ng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at pagmomonopolyong ugat ng kapitalismo.

Sa ikaanim na kabanata na *Subverting the Discipline: A Critique of Hegemonic Ethnic Studies* tinalakay ang mga naisulat na akda sa ilalim ng panitikang Asian American na pumapaksa sa konsepto at historikal na batayan ng pagtingin sa kalagayan ng mga migrante na patuloy inaabuso, nasasagka sa eksploytasyon at diskriminasyon dulot ng neoliberal na globalisasyon. Mula rito, nabuo ang iba't ibang ideolohiya, perspektiba at pananaw mula sa mga iskolar sa kung paano nilentehan ang pagpapanatili sa status quo at pagpapaibabaw ng identidad ng tinaguriang 'white supremacy' na nakabatay sa pag-uuri base sa lahi o *race* at hindi bilang pangkatang kamalayan. Napalitan ang modernismo bilang ideolohikal na disiplina ng postmodernong pananaw – *subaltern studies*, dekonstruksyon, postkolonyalismo at kultural na produksyon ng Asian American na umiikot sa tinaguriang *tri-polar world*, ang Estados Unidos, Europa at Japan. Isa sa mga sinuri ni San Juan ang manunulat na si Lisa Lowe (1991) na umiikot ang mga akda ukol sa mga migrante sa usapin ng pagiging *heterogenous, hybrid* at *multiplicity.* Para kay Lowe, ang mga konseptong ito ang nakikita niyang maaaring bumaka sa kategorya ng pag-uuri na nangingibabaw sa hindi pantay na pagtingin sa mga manggagawa dahil sa nananalaytay na hindi pantay na kapangyarihan na pumapaloob sa kapitalismo ng Estados Unidos. Hindi rin sinang-ayunan ni Lowe ang nosyon ng kultural na identidad bilang batayan ng 'posisyon' ng isang lahi sa global ni Stuart Hall. Nakita niya na ugat ang *class solidarity* sa pagbubura ng tinatawag namang *ethnic particularity.* Isa rin ang *'Pluralism'* na ikinakabit din sa usapin ng transnasyonal at diaspora. Para kay Robert Blauner, mitong maituturing ang pagtukoy sa mga Pilipino bilang migrante na nakabatay sa katagumpayan

ng mga kuwento ng migranteng Europeano. Ibinukod ni Blauner ang pagtingin batay sa *Pluralism* sa kung paano titingnan ang mga migrante at ang mga mananakop kung saan ang pagkamkam ng bagong teritoryo at ang mga taong naninirahan dito ay kadalasang hindi boluntaryo, sa pamamagitan ng giyera at iba pang puwersa o pagmamanipula. Ang mga natirang sanaysay sa kabanata naman ay tumalakay sa mga manunulat na Pilipino at mga manunulat sa hanay ng Asian American partikular sina Jessica Hagedorn at Bienvenido Santos bilang imbestigasyon sa mga akdang kanilang naisulat batay sa *ethnic studies* at *cultural studies* na sinuri ni San Juan sa lente ng *historical-materialist.* Sa huli, binigyang katuturan ni San Juan ang 'materialist critique' bilang pagsusuri sa kabuuan na hindi isinasaalang-alang ang mga detalye at pag-uungkat sa pagiging heterogenous ng isang lahi na ideolohiyang ipinupukol ng kapitalismo kapalit ng tinatawag na *human labor*.

Sa huling kabanata na may pamagat na *Performative Bodies and the Politics of Time* tinalakay ang kalagayan ng mga kababaihan sa kasalukuyang politikal na pamantayan ng lipunan na inugat mula sa ipinataw na kapangyarihang politikal at militar sa Estados Unidos sa Pilipinas na kasalukuyan ay inaanyo ng mga polisiyang Visiting Forces Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement bilang sagot sa pagsuplong sa mga itinuturing na terorista (tulad ng Abu Sayyaf at New People's Army) na sumasagka sa imperyal na interbensyon ng mga Amerikano.

Matagumpay na nailatag ni San Juan ang kalagayan ng mga migranteng Pilipino at mga manggagawang Overseas Worker sa iba't ibang bansa na nasasangkot sa eksploytasyon at diskriminasyon kapalit ang pag-unlad sa estado ng pamumuhay na pinaniniwalaang makakamtan sa dayuhang bansa. Iginiit ng may-akda ang pangangailangan sa malalimang pagsusuri na hindi lamang nakatuon sa kompleksidad ng wika at kulturang nagbubuklod sa mga Pilipino sa isang diaspora ngunit nararapat na tingnan ito sa lente ng muling pagbabalik sa kasaysayan ng kolonisasyon at pagsabay sa agos ng globalisasyon ng Pilipinas kapalit ang mga itinuturing na 'bagong bayani' ngunit ang turing ay nananatili sa kaisipang alipin. Ngunit kung titingnan, malaki ang gampanin ng wika sa pagkakaroon ng aspirasyon ng pag-unlad ng mga Pilipino kaya nagnanais ang mga itong lumabas ng bansa. Tumatagos ito sa pagtingin sa wikang Ingles bilang superyor na wika na siya ring kagagawan ng mga mananakop na Amerikano kaya naman pilit na ipinasok sa sistema ng edukasyon ng mga Pilipino. Nawalan ng espasyo ang paglilinang at pagpapaunlad sa wikang Filipino at iba pang wikain sa bansa dahil sa malaking espasyong inokupahan ng Ingles para sa paghahanda sa mga itinuturing na *human labor* kapalit ang kontribusyon nito sa ekonomiya. Kung titignan, malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa

pagpapaunlad ng bansa at dahil relatibo nito ang kultura ay may pangangailangan ito ng sabay na paglilinang. Halimbawa na lamang ang Japan na inuna ang pagpapaunlad sa wika at kultura na nagresulta sa tinatawag na *nihonjinron*, isang porma ng *cultural nationalism* ng mga Hapon na nagpapaigting sa kanilang pagmamahal sa wika at kulturang Hapon na siyang ginamit sa pagpapaunlad ng kanilang politika, ekonomiya at kabuuan ng lipunang Hapon. Ang suliranin sa wika ay maiuugnay sa moda ng produksyong ibinabandera ng kapitalismong ugat ng sistema at kondisyon ng mga manggagawang Pilipino sa iba't ibang bansa. Ginagamit ang Ingles bilang komoditi na kailangang makuha ng mga nagnanais na makapagtrabaho sa ibang bansa kahit pang may mga nakaabang na panganib na hanggang sa kasalukuyang panahon ay nananaig ang diskriminasyon, panggagahasa at pagpatay sa mga Pilipino/a sa dayuhang bansa.

Mula rito, hindi kataka-takang higit ang pagpabor ni San Juan sa mga akdang naisusulat sa Ingles at maging sa mga manunulat at iskolar ng ibang lahi sapagkat ang wikang Ingles ay nakikita niyang mekanismo sa pagsulat na maaaring gamitin sa paglaban at pagpapalabas ng katotohanan laban sa mga superyor na Amerikano. Makikita rin ang ganitong taktika kay Jose Rizal kung saan ginamit ang wikang Kastila bilang midyum sa pagsulat ng nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Sa usapin ng mga ideolohiya at teorya na iniuugat sa *ethnic studies* at *cultural studies*, ginamit niya ang lenteng historical-materialist sa pagsusuri ng iba't ibang pananaw ng mga iskolar na Pilipino, Asian American maging mga Amerikano. Sa ganitong lagay, hindi naipapako sa malabnaw na pagdidiskurso ang kalagayan ng diasporang Filipino nakabatay sa identidad subalit natatalakay ang ugat ng represyon sa hanay ng mga ito. Mahalaga ang pag-uugat na ito upang tumagos naman ito sa pagbubuo ng mga panitikang may kinalaman sa kalagayan ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa. Nararapat na matalakay ang kondisyon at mga isyung kanilang kinahaharap at hindi lamang maikahon ang pagiging problematiko sa usapin ng pagtatransporma ng pagkakakilanlan, rehiyonalisasyon at pagtutuwid sa dila ng isang Pilipinong umalis ng bansa na pilipit ang dila sa Ingles at bumalik ng bihasa na rito.

Sa huli, matindi ang kinakailangang pakikibaka sa itinuturing na ugat ng represyon sa mga migranteng Pilipino. Ang pagiging neokolonya ng Pilipinas sa Estados Unidos ang nagiging ugat ng patuloy na pagbubuo ng mga polisiyang itinatakda ng superyoridad ng mga Amerikano upang magpatuloy ang imperyalismo na matatagpuan sa sulok ng mga institusyon ng pamahalaan higit lalo sa sulok ng mga kampo ng militar. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pagdami ng mga Pilipinong nagnanais umalagwa patungo sa ibang bansa upang maghanapbuhay dahil sa kawalan ng oportunidad sa sariling

bansa. Patuloy rin ang mga balitang pang-aabuso, diskriminasyon (na kamakailan lang ay muling lumantad ang panawagang “Stop Asian Hate”), pagdating ng mga katawang isinilid sa kahon na biktima ng karumaldumal na pagpatay kahit pa nga pansamantalang sinuspinde ng kasalukuyang administrasyon ang Visiting Forces Agreement sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos. Sa ganitong lagay, makikita na hindi lamang ang pagputol ng ilang polisiya bilang koneksyon ang nararapat na bakahin sa halip kinakailangang bumuo ng mga batas at paunlarin ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling industriya na maghahain ng trabaho sa mga Pilipino. May pangangailangan na mailihis ang pinagsisilbihang interes ng mga politiko tungo sa interes ng mga Pilipino. Ngunit sa kabila ng mga nabanggit na mga aspirasyon, kinakailangan ang kolektibong pagmulat sa kamalayan ng mga ordinaryong masa ukol sa tunay na kalagayan ng bansa. Tulad nga ng linya mula kay San Juan, *“Mabuhay ang sambayanang gumigising at naghihimagsik!”.* Sa pagkakataong ito, hindi lamang ng diaspora ng mga Pilipino sa ibang bansa kung hindi nang kabuuang populasyon ng mga Pilipino na naghahangad ng tunay na reporma at pagbabago para sa di-utopyanong pag-unlad nito.

## Sanggunian

San Juan Jr., E. (2016). Learning from the Filipino Diaspora: Lessons of resistance and critical intervention. Manila: UST Publishing House.